
Ilang Bagay na Alam Natin Tungkol sa
# AKLAT NG APOCALIPSIS
## *Dahil kay* JOSEPH SMITH



***Dahil sa karagdagang liwanag na inihayag sa pamamagitan ni Joseph Smith, higit nating nauunawaan ang tema ng Apocalipsis ukol sa tagumpay ni Cristo at ng Kanyang mga Banal laban sa mga diyablo at sa mundo.***




***Matapos buksan ang ikapitong tatak, babalik si Cristo, at ang masasama ay lilipulin.***

***Ang mundo ay lilinisin, at magsisimula ang panahon ng Milenyo*** *(tingnan sa D at T 88:89–110).*

**APOCALIPSIS 5–8**
**D AT T 77:6–7, 12**

Ang pitong tatak ay kumakatawan sa pitong kapanahunan. Ang huling dalawang pagharap sa ating panahon at iba pa.

**APOCALIPSIS 7:1–8**
**D AT T 77:8–11**

Ang apat na anghel at ang 144,000 lingkod na ibinukod sa mga lipi ni Israel ay nauugnay sa gawain ng Panunumbalik at pagtitipon sa mga huling araw.

**APOCALIPSIS 20:2**
**1 NEPHI 22:26**

Si Satanas ay igagapos sa Milenyo "dahil sa kabutihan ng mga tao [ni Cristo]."

**APOCALIPSIS 12:4, 7–9**
**D AT T 29:36–37; 76:25–29**

Maikling tinukoy sa pangitain ni Juan ang digmaan sa langit bago tayo isinilang para bigyang-diin ang patuloy na digmaan sa lupa sa pagitan ng mga puwersa ng Diyos at ni Satanas.

***"Ang mundo ay papanaw maging sa pamamagitan ng apoy*** *(tingnan sa D at T 43:32–33).*

**APOCALIPSIS 20:5**
**D AT T 76:81–85**

Ang mga hindi mabubuhay na muli hangga't hindi natatapos ang Milenyo ay ang mga taong magmamana ng kahariang telestiyal.

***"At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios"*** *(Apocalipsis 21:2).* ***Ito ay tumutukoy sa pagbabalik ng lungsod ni Enoc*** *(tingnan sa Moises 7:63).*

**APOCALIPSIS 20:11–13**
**D AT T 128:6–7**

Kabilang sa mga aklat (sa lupa at sa langit) kung saan hahatulan ang mga tao sa kanilang mga gawa ay ang mga talaan na may kinalaman sa kaligtasan ng mga patay.

**APOCALIPSIS 17:5**
**1 NEPHI 13:6; 14:10**

Ang bagay na tinukoy ni Juan bilang "Dakilang Babilonia, ina ng mga patutot at ng mga kasuklamsuklam sa lupa" ay ang simbahan ng diyablo. Kabilang sa simbahang ito ang lahat ng puwersa na sumasalungat kay Cristo, Kanyang ebanghelyo, at Kanyang Simbahan, sapagka't may dalawang simbahan lamang: ang Simbahan ng Kordero ng Diyos at ang simbahan ng diyablo.



*JOSEPH SMITH*, SA KAGANDAHANG-LOOB NG COMMUNITY OF CHRIST ARCHIVES, INDEPENDENCE, MISSOURI, HINDI MAAARING KOPYAHIN; *JOHN ON PATMOS SEEING HOLY CITY*
© PROVIDENCE COLLECTION; DETALYE MULA SA *THE SECOND COMING*, NI HARRY ANDERSON; DETALYE MULA SA *THE FIRST VISION*, NI DEL PARSON; IBA PANG MGA IMAHE © ISTOCK/THINKSTOCK